

Disyembre 22, 2023

Mahal na Magulang/Tagapangalaga:

Pinahahalagahan namin ang pamumuhunan na ginagawa ninyo sa edukasyon ng iyong (mga) anak at nais naming ibahagi sa inyo ang ilang impormasyon tungkol sa mga pagsusuri [*assessment*] na kinakailangan ng pederal, partikular na ang ACCESS para sa ELLs®. Inaatasan ng pederal na batas ang Illinois State Board of Education na magpatupad ng mga pagsusuri sa lahat ng mga mag-aaral na natukoy bilang mga English learners (ELs) na pumapasok sa mga pampublikong paaralan, kabilang ang mga charter school, sa estado.

Ang pagsusulit na ACCESS ay ang taunang pagsusuri para sa lahat ng mga K-12 ELs sa estado ng Illinois. Ginagamit ang mga puntos sa ACCESS upang suriin ang pag-unlad at kahusayan ng mag-aaral sa wikang Ingles gayundin upang matulungang matukoy ang pagkakalagay sa programa ng EL sa susunod na taon ng pag-aaral. Bukod pa rito, ang mga resulta ng pagsusulit na ito ay maaaring magamit para sa kasanayan sa wikang Ingles na kahingian para sa Seal of Biliteracy para sa iyong (mga) mag-aaral sa mataas na paaralan. Hinihiling ng pederal na batas na ang iyong multilingguwal na (mga) anak ay kumuha ng pagsusuri na ACCESS para sa ELLs sa panahon ng pagsusulit mula Enero 17 hanggang Marso 5, 2024.

Pinayuhan namin ang mga distrito na kumonsulta sa [webpage ng Illinois WIDA](#), partikular na ang ACCESS Online o Paper administration checklist, at ang “ACCESS for ELLs District and School Coordination Manual,” na nagbibigay ng impormasyon upang matiyak na ang pagsusulit ay patas, nakukuha, at ligtas para sa lahat.

Ipapahayag sa inyo ng paaralan o distrito ng iyong (mga) anak ang mga plano at protokol nito para sa pagsasagawa ng pagsusulit sa mga darating na linggo. Napakahalaga na gawin ng bawat mag-aaral ang lahat ng kanyang makakaya sa pagsusuri, upang ang iyong distrito ay makapaglingkod sa kanya nang maayos at mabisa sa taon ng pag-aaral 2024-25.

Salamat sa iyong kooperasyon at tulong sa pagbibigay ng pinakamainam na mga oportunidad para sa iyong multilingguwal na (mga) anak!

Sumasainyo,

Angela Foxall, Direktor ng Pagsusuri
Joanne Clyde, Direktor ng Multilingguwal